



UNITED ARAB EMIRATES
MINISTRY OF HEALTH & PREVENTION

دائرة الصحة
DEPARTMENT OF HEALTH



هيئة الصحة بدبي
DUBAI HEALTH AUTHORITY



ABU DHABI PUBLIC
HEALTH CENTRE | مركز أبوظبي
للصحة العامة



Narito ang ilang mga impormasyon tungkol sa **Coronavirus Disease (COVID-19)**



Ano ang Sakit na ito?

Ang Coronavirus Disease (COVID-19) ay isang bagong strain ng coronavirus, na unang naitala sa isang grupo ng tao na may mga sintomas ng pneumonia sa lungsod ng Wuhan, sa lalawigan ng Hubei sa Tsina.

Karamihan sa mga kaso ay nanggaling sa pamilihang nagbebenta ng pagkaing-dagat at hayop.



Paano kumakalat ang virus ?

Ang Coronavirus Disease (COVID-19) ay hinihinalang nagmula sa isang uri ng hayop, at kumalat sa mga tao.


May mga naitalang kaso ng Coronavirus Disease (COVID-19) na nakukuha mula sa tao kapwa tao, ngunit hindi pa malinaw kung gaano kabilis ito kumalat.

Ang iba pang human strain ng coronavirus ay nakukuha mula sa tao kapwa tao sa pamamagitan ng kontaminadong droplet na galing sa taong may sakit (sa pamamagitan ng pag-ubo o pagbahing) o sa kontaminadong kamay.



Mayroon bang bakuna laban sa Coronavirus Disease (COVID-19) ?

Sa kasalukuyan ay wala pang bakuna laban sa Coronavirus Disease (COVID-19).





Ano ang mga sintomas?



Ubo



**Hirap sa
paghinga**



Lagnat



**Pamamaga ng
lalamunan**



**Pananakit
ng ulo**



Mayroon bang treatment o gamot para sa Coronavirus Disease (COVID-19)?

Walang tiyak na gamot para dito.

Binibigyan lamang ito ng supportive treatment upang mabawasan ang mga sintomas.


?

Ano ang mga kinakailangang pamamaraan para sa mga taong nagmula sa mga apektadong bansa?

Kung sakaling may mga sintomas ng impeksyon sa baga sa gitna ng, bago, o pagkatapos ng travel, ang mga traveler ay pinapayuhan na sundin ang mga palatuntunin:

1

Humingi kaagad ng tulong medikal. Bago ka pumunta sa opisina ng doktor o sa emergency room, tumawag muna at ipaalam sa kanila ang iyong biyahe kamakailan at iyong mga sintomas.

**2**

Iwasan ang pakikipag-ugnayan sa ibang tao.

**3**

Huwag maglakbay kung may sakit.

**4**

Takpan ang bibig at ilong ng tisyu o ng iyong manggas (hindi ang iyong mga kamay) kapag umuubo o bumabahing.

**5**

Laging hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo. Gumamit ng de-alkohol na hand sanitizer kung walang sabon at tubig.





Ano ang mga mapagkakatiwalaang source ng impormasyon?

Inirerekumenda namin na kunin mo lamang ang tamang impormasyon sa mga ahensya ng pamahalaan sa kalusugan at huwag ipagkalat ang impormasyon tungkol sa mga sakit. Kung nangangailangan ka ng suportang medikal o may mga katanungan ka, mangyaring makipag-ugnay sa:

- serbisyo ng " Estijaba " sa operation center - Department of Health sa **8001717**
- Ministry of Health and Prevention sa **80011111**
- Dubai Health Authority sa **800342**



Mga paraan upang maiwasan ang sakit

1

Iwasan ang mga hayop (buhay man o patay), mga pamilihan ng hayop, at mga produkto na nagmumula sa mga hayop (tulad ng di-lutong karne).



2

Iwasan ang malapit na pakikipag-ugnayan sa sinumang nagpapakita ng mga sintomas ng sakit sa baga.




3

Laging hugasan ang mga kamay ng sabon at tubig ng hindi bababa sa 20 segundo.



4

Gumamit ng hand sanitizer kung walang sabon at tubig.



5

Takpan ng tisyu ang iyong bibig at ilong kapag umuubo o bumabahing.



6

Huwag maglakbay kung mayroon kang alinmang sintomas ng naturang sakit.

